**Mga Susing Pangungusap para sa 2021 International Chinese-speaking Conference**

**Dapat tayong lumakad sa daan ng buhay**
**upang mamuhay sa pamamagitan ng puno ng buhay ayon sa espiritu,**
**hindi sa daan ng kamatayan upang mamuhay sa pamamagitan ng puno ng kaalaman**
**ng tama at mali ayon sa sarili.**

**Ang organikong pangsyon ng ekklesia ay para sa pagtatayo ng ekklesia**
**bilang ang organikong Katawan ni Kristo, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.**

**Kailangan nating tumulad sa apostol upang dalhin ang mga ekklesia-lokal**
**tungo sa salamuha ng Katawan ni Kristo at sumunod sa mga yapak ng apostol**
**upang dalhin ang lahat ng banal tungo sa buhay-paghahalo ng buong Katawan ni Kristo.**

**Ang napakahalagang punto ng pagtuturo ng mga apostol ay hinggil sa**
**Tres-unong Diyos na naproseso upang ipamahagi ang Kanyang sarili**
**bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay**
**tungo sa Kanyang mga pinili nang sa gayo'y madala sila**
**tungo sa organikong pakikipag-isa upang matanggap ang dibinong pagsasalin**
**at sa gayon ay maging mga anak ng Diyos at mga sangkap ni Kristo;**
**bilang resulta, sila ay nagiging Katawan ni Kristo upang ihayag si Kristo.**

*© 2021 Living Stream Ministry*

**Mga Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa International Chinese-speaking Conference**
**Pebrero 13-14, 2021**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG INTRINSIKO AT ORGANIKONG PAGTATAYO**
**NG EKKLESIA BILANG KATAWAN NI KRISTO**

Mensahe Isa

## Ang Intrinsikong Esensiya ng Ekklesia para sa Organikong Pag-iral Nito

Babasahin sa Kasulatan: 1 Juan 1:2; Juan 1:12-13; 3:29-30; 12:24; Gen. 2:21-23; 1 Cor. 12:12, 28

**I. Ang intrinsikong esensiya ng ekklesia ay ang dibinong buhay, na nagbubunga ng ekklesia—1 Juan 1:2; 5:1:**

A. Ang intrinsikong esensiya ng ekklesia ay ang dibinong buhay, ang di-nasisirang buhay, na ipinamahagi ng naprosesong Tres-unong Diyos tungo sa loob natin at ngayon ay ipinamamahagi tungo sa loob natin; ang dibinong buhay na ito sa katunayan ay ang naproseso at namamahagi-ngayon na Tres-unong Diyos—Juan 14:6; 10:10b; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:2, 10, 6, 11; 2 Cor. 5:4:

1. Ibinubunga tayo ng dibinong buhay sa pamamagitan ng pagsisilang na muli ng Espiritu sa loob ng ating espiritu; ipinapanganak ng dibinong Espiritu ang pantaong espiritu, at ang dalawang espiritung ito ay pinaghalo bilang isa—Juan 3:3, 5-6; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17.
2. Nang tayo ay naisilang na muli, tayo ay ginawang mga anak ng Diyos bilang ang kasintahang babae ni Kristo, na Kasintahang Lalaki, para sa Kanyang paglaki, gaya ng isinagisag ni Eva bilang ang kapareha ni Adam—Juan 1:12-13; 3:29-30; Gen. 2:21-23:
   a. Bago umiral si Eva, siya ay isang tadyang ni Adam, isang bahagi ni Adam; ayon sa pahayag na ito, masasabi natin na bago umiral ang ekklesia, siya ay isang bahagi ni Kristo; kung paanong ang mga sangkap ng ating pisikal na katawan ay mga bahagi natin, ang mga sangkap ni Kristo ay mga bahagi ni Kristo—bb. 21-23; Efe. 1:3-6; 1 Cor. 12:12; Roma 12:5; cf. Gawa 9:5.
   b. Kung paanong ang tadyang ni Adam ay namahagi ng buhay tungo kay Eva upang gawin siyang kapareha ni Adam, gayundin ang walang hanggan, dibino, di-nasisirang buhay ni Kristo ay namamahagi ng buhay tungo sa loob natin upang gawin tayong kapareha Niya—Gen. 2:22; Heb. 7:16; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:2.

B. Si Kristo ay naging ang intrinsikong esensiya ng ekklesia sa pamamagitan ng pagpapalaya ng dibinong buhay sa pamamagitan ni Kristo bilang ang isang butil ng trigo na nahulog sa lupa at namatay doon para sa Kanyang pagpaparami—Juan 12:24; Luc. 12:49-50.

C. Si Kristo ay naging ang intrinsikong esensiya ng ekklesia sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang dibinong buhay bilang ang panganay na Anak ng Diyos sa Kanyang pagkabuhay na muli, upang ang Diyos ay magtaglay ng maraming anak bilang ang maraming kapatid ni Kristo—1 Ped. 1:3; Roma 8:29; Heb. 2:11-12.

D. Ang maraming kapatid ni Kristo ay ang Kanyang maraming sanga na nakahugpong sa Kanya, ang totoong puno ng ubas sa sansinukob, upang magbunga ng marami para sa Kanyang pagpapalaki sa Kanyang paglaganap upang maihayag nila ang Tres-unong Diyos bilang ang Kanyang organismo; kapag ang mga sanga ng puno ng ubas ay tumatanggap ng sapat na tustos ng Espiritung nagbibigay-buhay bilang ang katas ng buhay ni Kristo, sila ay mamumunga bilang ang pag-apaw ng tustos ng panloob na buhay—Juan 15:1, 4-5, 16, 8; Roma 11:17, 24.

E. Ang organismong ito ng Tres-unong Diyos ay ang organikong Katawan ni Kristo, binubuo ng Kanyang maraming kapatid bilang ang maraming sangkap ng Kanyang organikong Katawan—Efe. 1:22-23; Roma 12:5.

**II. Kailangan nating makita at maranasan ang organikong pag-iral ng ekklesia—Efe. 1:17:**

A. Ang ekklesia ay umiiral sa sansinukob bilang ang isang pansansinukob na ekklesia ng Diyos para sa Kanyang pansasinukob na kahayagan, ang kapuspusan ng Diyos—1 Cor. 10:32; 12:28; Efe. 3:19b.

B. Ang ekklesia ay lumalaganap sa maraming lokalidad sa lupa bilang ang maraming ekklesia-lokal upang maging ang Kanyang mga lokal na kahayagan—Apoc. 1:4, 11:

1. Sa 1 Corinto 12:28 inilagay ni Pablo ang mga apostol (na pansansinukob), mga propeta at mga guro (na kapwa pansansinukob at panlokal), at ang mga diyakono at mga matanda (na panlokal) nang magkakasama; nangangahulugan ito na ang salitang *ekklesia* sa bersikulong ito ay nagpapahiwatig ng pansansinukob na ekklesia at lahat ng ekklesia-lokal.
2. Sa mga mata ng Diyos ang pansansinukob na ekklesia at lahat ng ekklesia-lokal ay "ang ekklesia" lamang; ang naproseso at namamahagi-ngayon na Tres-unong Diyos ay isa, at Siya ang pinakaesensiya ng ekklesia; samakatwid, ang ekklesiang ito, kapwa sa pansansinukob at panlokal na aspekto nito, ay isang ekklesia.

C. Kapag bumabalik tayo sa intrinsikong esensiya ng ekklesia para sa organikong pag-iral nito, hindi tayo magsasalita nang mali hinggil sa maling pagtuturo na ang mga ekklesia-lokal ay maaaring maging iba sa isa't isa; lahat ng ekklesia ay ang namumukod-tangi at isang organismo ng naproseso at namamahaging Tres-unong Diyos.

D. Ayon sa mga Kasulatan, ang praktikal, pitong ulit na pagkakaisa ay upang tayo ay maging (1) isa sa pagtuturo (1 Cor. 4:17; 7:17; 16:1; Gawa 2:42; Roma 16:17; 1 Tim. 1:3-4; 6:3; Efe. 4:13-14), (2) isa sa pagsasagawa (1 Cor. 11:16; 14:33b-34), (3) isa sa pag-iisip (Fil. 2:2, 5-8; 4:2; 1 Cor. 1:10), (4) isa sa pagsasalita (Roma 15:6; 1 Cor. 1:10), at (5, 6, & 7) isa sa esensiya, anyo, at kahayagan (Apoc. 1:11-12).

**III. Dapat tayong patuloy na mag-ensayo ng ating espiritu (1 Tim. 4:7) at ibaling ang ating puso sa Panginoon (2 Cor. 3:16-18) upang mapanatili sa daan ng buhay sa realidad ng intrinsikong esensiya ng ekklesia para sa organikong pag-iral nito:**

A. Dapat tayong lumakad sa daan ng buhay upang mamuhay sa pamamagitan ng puno ng buhay ayon sa espiritu, hindi sa daan ng kamatayan upang mamuhay sa pamamagitan ng puno ng kaalaman ng tama at mali ayon sa sarili—Gen. 2:9; Roma 8:4, 6; 2 Cor. 2:13; Mat. 16:24.

B. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon sa sukdulan; ang manampalataya sa Panginoon ay ang tanggapin Siya bilang buhay; ang ibigin ang Panginoon ay ang tamasahin Siya bilang buhay—Marc. 12:30; A. A. 1:4a.

C. Ang pag-ibig sa pagitan natin at ng Panginoon ay nakasalalay sa ating mga pag-iisip:

1. Sa 2 Corinto 11:2 ay sinasabi ni Pablo na ipinagkatipan niya tayo sa isang asawang lalaki upang iharap tayo bilang isang dalagang dalisay kay Kristo na may isang wastong <u>pag-ibig</u> tungo sa Kanya upang matamasa Siya; pagkatapos sa bersikulo 3 ay sinasabi sa atin ni Pablo na posible para sa ating <u>mga pag-iisip</u> na mapasama mula sa kapayakan at kadalisayan tungo kay Kristo.
2. Ang mga sumusunod na sintomas ng mga suliranin sa mga pag-iisip ng tao ay mga hadlang lahat sa pagtatamasa kay Kristo bilang buhay:
   a. Ang unang sintomas ng mga suliranin sa mga pag-iisip ng tao ay ang pagkakaroon ng mga tumigas na kaisipan—3:14.
   b. Ang ikalawang sintomas ng mga suliranin sa mga pag-iisip ng tao ay ang pagiging binulag ni Satanas—4:4.
   c. Ang ikatlong sintomas ng mga suliranin ng mga pag-iisip ng tao ay pagrerebelde—10:4-5.
   d. Ang ikaapat na sintomas ng mga suliranin sa mga pag-iisip ng tao ay ang pagiging napasama—11:3.
3. Dapat tayong manalangin ng "O Panginoon, saliksikin Mo ang aking mga pag-iisip, at iligtas Mo ang aking mga pag-iisip upang maituon ang mga ito tangi at lubusan sa Iyo"—Roma 8:6; Awit 139:23-24.

4. Ang tamasahin si Kristo bilang ang intrinsikong esensiya ng ekklesia, dapat tayong magtaglay ng nag-aalab na pag-ibig tungo sa Kanya sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanya ng unang puwesto sa lahat ng bagay—Apoc. 2:4-5, 7; Col. 1:18b; Roma 12:11; 2 Tim. 1:6-7.

D. Nawa ay patuloy tayong makatanggap ng mahabaging kaawaan ng ating Diyos (Heb. 4:16; Luc. 1:78-79) upang tayo ay makapanatili sa daan ng buhay, ang linya ng buhay, at sa pagmimintina ng buhay sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay sa daloy ng buhay para sa pagtatayo ng Diyos sa buhay sa pamamagitan ng ating paglago sa buhay; ito ay upang tayo ay mapanatili sa intrinsikong esensiya ng ekklesia para sa organikong pag-iral nito (Gen. 2:9; Apoc. 22:1-2; Roma 8:6; Efe. 4:15-16; Col. 2:19; Juan 6:57, 63; 7:38-39; 20:22).

*© 2021 Living Stream Ministry*